

## ORGANIKONG BASURA

**Tumulong pabagalin ang pagbabago ng klima:**
Panukalang Batas sa Senado ng Batas ng Estado ng California [State Law Senate Bill (SB)] 1383 ay layuning panatilihin ang pagkain at iba pang kompostibong mga materyales na alam bilang organikong basura mula sa mga tapunan ng basura (landfills) para mabawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas na nag-aambag sa pagbabago ng klima. Ang hiwalay na pagkolekta sa organikong basura ay tumutulong na hindi mapunta sa tapunan ng basura (landfills).

Maf-subscribe sa serbisyo ng kumokolecta ng organikong basura bukod pa basura at pag-recycle sa pamamagitan ng iyong kompanya na humahakot ng basura o magsumite ng plano ng sariling pamamahala sa **Kagawaran ng Gawaing Pambayan ng LosAngeles County (Public Works).**

Sumangguni sa <u>www.FightFoodWasteLA.com</u> para malaman kung paano ka makakasunod.

**Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang: https://bit.ly/mehko-lacounty**

# MGA OPERASYON NG MALIIT NA NEGOSYO SA KUSINA NG TAHANAN
# MICROENTERPRISE HOME KITCHEN OPERATIONS (MEHKO)

## (MEHKO)

## Mga Pamamaraan Sa Pagiging Mabuti sa Kapwa

*Panatilhing Ligtas ang Komunidad*



Pinapayagan ng MEHKO ang isang pribadong tahanan na mag-operate bilang isang restawran kung saan maaaring kunin ng mga kustomer ang kanilang order, ipadeliver ito, o kainin sa loob ng bahay. Ang operasyong ito sa bahay ay maaaring makaapekto sa lugar ng mga tirahan na nakapaligid dito. Isaalang-alang ang mga gabay na ito para isaalang-alang ang kapakanan ng mga kapitbahay at mapanatiling ligtas ang inyong komunidad.

Environmental Health Division
5050 Commerce Drive
Baldwin Park, CA 91706

County of Los Angeles
Public Health



## PAGTATAPON NG TABA, MANTIKA, AT GRASA

Taba, mantika, o grasa (FOG) ay HINDI dapat ibuhos sa lababo dahil maaaring magbara ang paagusan at hindi gumana ang tubo ng imburnal at mga sistema ng poso negro (septic systems). FOG ay maaaring itapos sa lagayan ng basurahan. Maaari mo ring ibuhos ang FOG sa mga lumang karton ng gatas o iba pang mga maaaring itapong mga lalagyan. Ang mga tirang pagkain ay maaaring itapos sa mga berdeng lagayan ng basurang maire-recycle, hindi sa tapunan ng basura (garbage disposal).

## INGAY

Tumulong na mabawasan ang polusyon sa ingay sa iyong paligid. Kung nagpapatugtog ka ng anumang musika sa isang sistemang nagpapalakas (amplification system) habang kumakain ang mga kustomer, inirerekomenda na hinaan sa pinakamababa aang lakas ng tunog. Bilang konsiderasyon sa inyong mga kapitbahay, hindi inirerekomenda na magpatugtog ng malakas na musika sa labas. Panatilihin ang regular na oras ng pagpapatakbo ng negosyo. Maging maingat sa ingay mula sa mga kustomer na kumukuha ng pagkain. Sundin ang mga gabay ng inyong lokal na ordinansa laban sa abala.



## TRAPIKO

Panatilihing ligtas ang inyong paligid: Payuhan ang mga kustomer na magmaneho ng mabagal at ligtas sa lugar ng mga tirahan. Iiskedyul ang pagkuha ng pagkain sa magkakaibang oras para mabawasan ang trapiko. Siguraduhing hindi hinaharangan ng mga kustomer ang mga kalye kapag kinukuha nila ang kanilang order ng pagkain.







## PARADAHAN

Gamitin ang paradahan sa lugar para sa mga customer sa aprubadong itinalagang paradahan sa mga lokasyon. Magkaroon ng itinalagang lugar sa iyong paradahan sa daanan ng garahe (driveway), kung naaangkop, para sa mga kustomer na pumarada. Ayusin ang isang naaangkop na lugar upang magdala ng mga order ng pagkain sa mga kustomer. Kung limitado ang paradahan, isaalang-alang ang paghahatid ng mga order ng pagkain.





## BASURA

Huwag punuin nang sobra ang mga basurahan at siguruhing maayos na nakasara ang mga lagayan ngbasura bago itapon ang mga ito. Itapon ang basura sa mga lalagyan na hindi tumutulo at hindi napapasok ng mga daga upang mapigilan ang mga peste. Ilagay ang mga maaring i-recycle sa kanilang tamang lalagyan. Maglaan ng basurahan para sa iyong mga kustomer upang mapigilan ang pagdami ng basura sa kalsada. Kontakin ang kumukuha ng iyong basura para mag-iskedyul ng karagdagang pagkuha ng basura kung kinakailangan.

## PAGPIGIL NG SUNOG

Bawasan ang panganib ng pagsisimula ng sunog sa iyong tahanan: Sumangguni sa lokal na kagawaran ng bumbero upang sundin ang mga regulasyon para sa iyong lugar. Alisin ang anumang mga materyal na madaling masunog sa loob ng 100 talampakan mula sa mga gusali. Siguraduhing malinaw ang numero ng iyong tirahan para makita ng mga kawaning pang-emerhensiya ang inyong bahay. Siguraduhin na ang mga aprubadong BBQ ay nasa isang ligtas na distansya mula sa iyong tahanan at iba pang mga istraktura. Ang mga alarma sa usok at mga detektor ng Carbon Monoxide ay dapat na nakakabit sa lahat ng mga tahanan. Magkaroon ng pamatay ng sunog (uring 10B:C) na magagamit sa lugar ng lutuan.

